



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-52 REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA-8 SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 04 AGOSTO 2014, IKA-11:30 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Johnell C. Siñel
Konsehal Gualberto V. Magno
Konsehal David D. Dela Cruz
Konsehal Ramil O. Dimapilis
Konsehal Juan S. Advincula
Konsehal Elsie F. Galaran
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.
Konsehal Joseph M. Galicia

- Tagapangulo

- Pangulo, Liga ng mga Barangay

Hindi Nakadalo: WALA

KAPASYAHAN BLG. 104

Taong 2014

KAPASYAHANG HUMIHILING SA KAGAWARAN NG
EDUKASYON CENTRAL OFFICE - SCHOOL
ENGINEERING DIVISION NA ISAMA SA CY 2015
BADYET ANG PAGPAPATAYO NG DALAWANG
PALAPAG NA GUSALI NA MAY APAT NA SILID-
ARALAN SA CATALINO DIZON MEMORIAL SCHOOL,
DALAHICAN, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T ang Catalino Dizon Memorial School ay isang paaralan na mabilis na
umuunlad at ang populasyon ng mga mag-aaral ay mabilis ding dumarami;

SAPAGKA'T ang Catalino Dizon Memorial School ay nakatayo sa baybaying pamayanan
ng Dalahican, Barangay San Jose, Roxas, Silangang Mindoro;

SAPAGKA'T sa mabilis na paglobo ng populasyon ng Dalahican, ang Catalino Dizon
Memorial School ay ginagamit na sentro ng paglikas sa panahon ng
kalamidad,

SAPAGKA'T sa mga kadahilanang nabanggit, minarapat ng Samahan ng mga Magulang
at Guro na humiling ng karagdagang gusali na may apat na silid-aralan para
sa Catalino Dizon Memorial School.

DAHIL DITO sa mungkahi ni Konsehal Elsie F. Galaran na sinang-ayunan ng lahat –


IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na humilingsa Kagawaran ng Edukasyon Central Office – School Engineering Division na isama sa CY 2015 Radyet ang pagpapatayo ng dalawang palapag na gusali na may apat na silid-aralan sa Catalino Dizon Memorial School, Dalahican, Barangay San Jose, Roxas, Silangang Mindoro.

IPINASYA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang Kagawaran ng Edukasyon, University of Life Complex, Meralco Avenue, Pasig City para sa kanilang kaalaman at naanyong pagpapasiya.

IPINASYA PA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito si Dr. Melanie R. Raneses, Tagamasid Pampurok at si Dr. Maria Luisa D. Servando, Tagapamunihala ng mga Paaralang Bayan ng Silangang Mindoro para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

PINAGTIBAY: 04 Agosto 2014

PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


VIOLETA L. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan

PINAGTIBAY:


JACKSON CINCO DY
Punong Bayan

merz/080414

Aug 14 Aug. '14